



## PINAHUSAY NA KOORDINASYON NG SERBISYO FAQ

### **Q1. Ano ang Pinahusay na Koordinasyon ng Serbisyo (Enhanced Service Coordination o ESC)?**

**A1.** Ang ESC ay isang mas mababang dami ng kaso sa sentrong pangrehiyon na hindi hihigit sa 40 indibidwal. Ang ESC ay nagbibigay ng mas mataas na koordinasyon at suporta na nilalayon upang maabot ang mga layunin at pangangailangan ng Programa sa Indibidwal na Plano (Individual Program Plan o IPP).

### **Q2. Ano ang Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS)?**

**A2.** Ang kahulugan ng Pagbili ng Serbisyo ay mga serbisyong pinondohan ng mga sentrong pangrehiyon. Kabilang dito ang mga serbisyo tulad ng pahinga, pang-adulto na programa at higit pa.

### **Q3. Sino ang karapat-dapat para sa ESC?**

**A3.** Mga indibidwal na natukoy na may mababa o wala (\$0-\$1,999) na mga paggasta sa POS sa pamamagitan ng sentrong pangrehiyon.

### **Q4. Kwalipikado ba ako para sa ESC?**

**A4.** Upang magtanong tungkol sa pagiging karapat-dapat, makipag-ugnayan sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo o sentrong pangrehiyon.

### **Q5. Kinakailangan ba akong mag-enroll sa ESC?**

**A5.** Ang paglahok sa ESC ay opsyonal.

### **Q6. Ang aking kasalukuyang tagapag-ugnay ng serbisyo ba ang magbibigay sa akin ng ESC?**

**A6.** Itatalaga ka sa isang bagong tagapag-ugnay ng serbisyo na dalubhasa sa ESC.

**Q7. Gaano katagal ako makakatanggap ng ESC?**

**A7.** Ang ESC ay limitado sa oras. Makikipagtulungan ka sa tagapag-ugnay ng serbisyo ng ESC para simulan ang tatlong-buwang paglipat palabas ng ESC.

**Q8. Itatalaga ba ako sa dati kong tagapag-ugnay ng serbisyo kapag hindi na ako nakakatanggap ng ESC?**

**A8.** Maaari mong hilingin sa sentrong pangrehiyon na italaga ang iyong kaso sa iyong dating tagapag-ugnay ng serbisyo.

**Q9. Kung lumipat ako sa ibang sentrong pangrehiyon, maaari ba akong magpatuloy sa pagtanggap ng ESC?**

**A9.** Talakayin ang interes sa pagpapatuloy ng ESC sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo bago lumipat.

**Q10. Ano ang mga henerikong serbisyo (generic services)?**

**A10.** Ang mga henerikong serbisyo (generic services) ay ibinibigay ng mga pampublikong ahensya, hindi pinondohan ng mga sentrong pangrehiyon. Ang mga henerikong serbisyo ay maaaring magamit ng sinumang miyembro ng publiko. Kabilang sa mga halimbawa ng mga henerikong serbisyo (generic services) ang Medi-Cal, Social Security, at mga programa sa paaralan tulad ng Head Start.

**Q11. Ano ang mga Talatanungan sa Karanasan sa ESC?**

**A11.** Ang Talatanungan sa Karanasan sa ESC (ESC Experience Questionnaire) ay isang kagamitan upang makatulong na masukat ang epekto at mga resulta ng ESC. Ang mga talatanungan ay ipinapadala sa mga kalahok sa ESC o sa kanilang mga magulang, legal na tagapag-alaga, konserbador, o awtorisadong kinatawan sa pagpasok sa ESC, 12 buwan pagkatapos ng pagpasok, at sa loob ng 60 araw ng paglabas sa ESC. Hinihikayat para sa mga kalahok ng ESC na punan ang Talatanungan sa Karanasan sa ESC upang makatulong na mapabuti ang ESC. Ang paglahok ay opsyonal. Ang mga tugon ay hindi makakaapekto sa mga serbisyo at hindi ibabahagi sa mga sentrong pangrehiyon.

Makipag-ugnayan sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo o sentrong pangrehiyon para sa karagdagang impormasyon sa Pinahusay na Koordinasyon ng Serbisyo. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan din sa [website ng DDS](#).